Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 104 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 5, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 553
Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAUSPUSONG PASASALAMAT KAY KGG. JOMARC E. DIMAPILIS, BOKAL NG LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO, SA PAGKAKALOOB NG TULONG PINANSYAL NA NAGKAKAHALAGANG LIMAMPUNG LIBONG PISO (P50,000.00) PARA SA PAGBILI NG MGA KAGAMITAN SA BAGONG LEGISLATIVE BUILDING NG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro ay mapalad na napagkalooban ng legislative building sa pamamagitan ng General Appropriations Act ng taong 2022 at 2023;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan, ang nasabing gusali ay nasa pinal na yugto na ng pagawain at maaari nang magamit sa huling bahagi ng taong 2024;

SAPAGKAT, sa kadahilanang limitado ang pondo ng Sangguniang Bayan, minarapat ng kapulungan na dumulog at humiling ng tulong pinansyal sa mga butihing miyembro ng Sangguniang Panlalawigan para sa pagbili ng mga kagamitan sa bagong gusali;

SAPAGKAT, si Kgg. Jomarc E. Dimapilis ay hindi nagdalawang isip na tumugon sa panawagang ito at nagkaloob ng tulong pinansyal na nagkakahalagang Limampung Libong Piso (P50,000.00);

SAPAGKAT, malaking tulong ang ipinagkaloob ni Kgg. Jomarc E. Dimapilis upang mapunan ang kakulangan sa mga kasangkapang gagamitin sa bagong gusali;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

JERWIN S. DIMAPILIS

FERDINAND V. TALENS, MPA

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat ng Sangguniang Bayan ng Roxas kay Kgg. Jomarc E. Dimapilis, Bokal ng Lalawigan ng Oriental Mindoro, sa pagkakaloob ng tulong pinansyal na nagkakahalagang Limampung Libong Piso (P50,000.00) para sa pagbili ng mga kagamitan sa bagong legislative building ng Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

IPINASYA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito si Kgg. Jomarc E. Dimapilis para sa kanyang kaalaman.

Pinagtibay: 05 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo